Ang bakuna para sa trangkasong H1N1 ay makukuha sa King County

Makukuhang pareho ang bakuna para sa H1N1 at sa pangkaraniwang trangkaso sa mga, ngunit hindi sa lahat na tagapamahala ng kalusugan, mga pagamutan, at mga botika. Tumawag bago pumunta.

Ang Pampublikong Kalusugan ay mag-aalok din ng bakuna para sa mga taong walang regular na tagapamahala ng kalusugan. Alamin sa Linya para sa Trangkaso (Flu Hotline) sa 877-903-KING (5464) o sa lugar sa Web ng Pampublikong Kalusugan www.kingcounty.gov/health/H1N1 para sa regular at pinakabagong ulat kung saan maaaring pumunta upang makakuha ng bakuna para H1N1.

Mga matanda at mga batang 10 taong gulang at higit pa ay mangangailangan ng isang dosis ng bakuna sa H1N1. Mga batang 9 na taong gulang o mas bata pa ay mangangailangan ng dalawang dosis. Kailangan mong kumuha ng magkaibang bakuna upang mayroon kang proteksiyon sa pangkaraniwang trangkaso.

Ang Pampublikong Kalusugan ay naririto upang tumulong

Maraming katanungan ang mga tao tungkol sa pangamba nila sa trangkaso. Ang Pampublikong Kalusugan ay mayroong kaalaman sa pinaka huling impormasyon at mga ibat-ibang paraan para sa iyong bagong kaalaman. Para sa pinakabagong ulat at impormasyon:

www.kingcounty.gov/health/H1N1

Linya para sa Trangkaso
877-903-5464
24 oras sa isang araw

Public Health
Seattle & King County

H1N1 Vaccine Facts —Tagalog
Updated 10/14/09

May pangamba ka ba tungkol sa **bakuna sa trangkasong H1N1 (swine)** para sa iyong sarili o anak?

Ang mga Dapat mong Malaman

Mga Katotohanan Tungkol sa Bakuna sa Trangkasong H1N1

Ang pagpapabakuna para sa trangkaso ang pinaka-magandang paraan upang mapangalagaan ka sa trangkaso

Tumutulong sa katawan ang bakuna sa trangkaso na labanan ang trangkaso.
May mga taong naniniwala na higit na nakakabuti ang magkasakit ng trangkaso upang lumalakas ang panlaban sa sakit kaysa magpabakuna para sa trangkaso. Subalit, ang pagpapabakuna para sa trangkaso ay nagbibigay sa iyo ng kaparehong panlaban sa sakit na tunay na walang panganib na naibibigay ng trangkaso.

Ang bakuna para sa trangkasong H1N1 (swine) ay maganda idea para sa lahat. Ito ay higit na mahalaga para sa **mga bata** at **mga buntis** dahil sila ang maaaring magkasakit ng malala at mangangailangan ng pag-alaga sa ospital kapag sila ay dinapuan ng trangkasong H1N1.

Also, anyone with a **weakened immune system** or **chronic medical condition** (such as diabetes, seizure disorder, or a condition that makes it difficult to breathe or swallow) are at a higher risk from severe illness if they catch H1N1 flu.

MAHALAGA: Kung ikaw o ang iyong anak ay mayroon kondisyong medikal na naglalagay sa iyo sa lalong mapanganib na paglala ng sakit at mayroon kang pangamba na humahadlang sa bakunang H1N1, maaari mong kausapin ang tagapamahala ng iyong kalusugan sa pinakamadaling panahon.

Ang bakuna sa trangkasong H1N1 ay ligtas

Ang bakuna sa trangkasong H1N1 ay ginawa na katulad din sa bakuna sa pangkaraniwang trangkaso at ito ay maaasahang ligtas din. Sa loob ng maraming taon, daan-daang milyong mga Amerikano at mga tao sa buong mundo ay ligtas na tumanggap ng bakuna para sa pangkaraniwang trangkaso.

Hindi ka magkakasakit ng trangkaso dahil sa bakuna sa trangkasong H1N1

Ang bakuna sa trangkaso ay hindi sanhi ng trangkaso. Ang mga mikrobyong gamit sa bakuna ay patay na at ito ay hindi na maaaring makagawa pa ng impeksiyon. Ang bakunang ibinubuga sa ilong (FluMist) ay mayroon pinahinang mikrobyo na tumutulong sa katawan upang lumakas ang panlaban sa sakit ng katawan. Ito'y nagyayari sa pagbuo nito ng napakahina at pansamantalang impeksiyon sa ilong at lalamunan na hindi nakakahawa sa ibang tao.

Ang hindi magandang epekto ng bakuna sa trangkaso ay hindi pangkaraniwan at kadalasang ito ay mahina lamang. Maari itong magdulot ng sakit o kirot mula sa pagtusok, sipon, at baghagyang lagnat.

Ang preserbatibong (Thimerosal) sa bakuna sa trangkasong H1N1 ay ligtas

Ang maliit na dosis ng thimerosal (na mayroon Merkuryo) ay ginagamit na preserbatibo sa bakuna. Ang Akademya ng Kabataan sa Amerika, ang Sentro sa Pamamahala at Paghadlang sa Sakit (CDC) at ng Instituto ng Medisina ay napagkaisahan, base sa siyentipikong pag-aaral, na ang bakunang may taglay na thimerosal ay ligtas at hindi ito ang pinagsisimulan ng otismo o iba pang problema sa kalusugan. Ito rin ang konklusyon sa ibang mga bansa sa buong mundo.

Kung ikaw ay may pangamba, tanungin ang tagapamahala ng iyong kalusugan tungkol sa bakunang walang thimerosal. Ito ay makukuha rin ngunit sa limitadong bilang para sa mga pasyeteng maaaring manganib na magkasakit.